LEVEL 3

# Leveled Reader
in Filipino


# Ang Kamatis na si Tommy





Isinulat ni Obai Al-Alloush

Iginuhit ni Husameddine Al-Qaliny

Sinuri ni Mary Ann C. Macaranas




Ang kamatis na si Tommy ay naiinis dahil sa nangyayari sa bukirin ng magsasakang si Mang Tony.




“Bakit ka naiinis?” tanong ng ibang kamatis.

“Hindi ako makapaniwala na walang nakaaalam kahit isa sa inyo! Hindi niyo ba nakikita na ang liliit natin? Tingnan ninyo kung gaano kalaki ang mga kamatis na nasa katabing bukid,” pasigaw na sagot ni Tommy.



"Narinig ko ang dalawang kamatis na nag-uusap. Pinagtatawanan nila ang kaliitan natin," dagdag pa ni Tommy.



“Pinili ng may-ari na si Mang Tony na mamuhunan sa malinis, ligtas, at natural na pagsasaka.”





“Hindi siya gumagamit ng mga kemikal na pataba at pamatay-peste upang bigyan ang mga tao ng de-kalidad na mga gulay.”



“Ang ganitong pamamaraan ay higit na makabubuti para sa kapaligiran nang pangmatagalan. Napapananatili rin nito ang balanse ng kalikasan.”



“Totoo nga na mas malalaki ang mga kamatis sa katabing bukid. Pero, hindi sila kasinsarap at kasinlusog natin,” sunod-sunod na paliwanag ni Tomas.




Hindi kumbinsido si Tommy sa anumang sinabi ni Tomas. Mukhang may iba siyang plano. Itinaas niya ang kaniyang ulo at nagsabing, “Gusto kong maging malaking kamatis. Makikita ninyo mamayang gabi, pupunta ako sa kabilang bukirin. Patawarin ninyo ako pero kailangan ko na kayong iwan.”




Nang marating niya ang kabilang bukirin ay namangha siya sa nasaksihan.

"Wow!"




Si Tommy ay lumaki gaya ng ibang mga kamatis sa napakabilis na panahon. Ito ay dahil sa mga kemikal na pataba at pamatay-peste na ginagamit ni Mang Sonny.




Ang mahalaga lamang sa kaniya ay ang kumita ng malaking pera sa mabilis na panahon. Wala siyang pakialam sa maaaring mangyari sa lupain at tubig na naaapektuhan ng kaniyang paggamit ng mga komersiyal na pataba at pamatay-peste.





Walang pinipili ang kaniyang pamatay-peste. Pinapatay nito ang lahat ng masama at mabuting insekto.
Nagdudulot ito ng pagkasira ng balanse sa kalikasan, at nawawalan na ng pagkain ang ibang nilalang.



Sa wakas, nahinog na ang mga kamatis at maaari nang ibenta. Si Mang Sonny ay naghintay ng mga mamimili nang maramihan at tingian.




Ngunit walang sinuman ang gustong bumili ng kaniyang mga kamatis. Dahil alam na ng mga tao na ang kaniyang mga kamatis ay nagdudulot ng sakit.



Nalaman ni Tommy ang kaniyang pagkakamali. At alam na rin niya ang masamang epekto nito sa buhay niya.



Lahat ay pumunta sa bukid ni Mang Tony para bumili sa kaniya.




Alam na ni Tommy na hindi tama ang naging desisyon niya.
At naisip din niya na ang pagiging malusog ay hindi nasusukat sa laki.



DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI INTERNATIONAL

The Asia Foundation